

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 18 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 12 MAYO 2003, IKA-8:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Balcos
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorito
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gemar C. Montesa
Konsehal King Philip B. Dimapilis

Tagapangulo



Pangulo, Liga ng mga Barangay,
Pangulo, Pambayang Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 043
Taong 2003

KAPASYAHANG KUMIKILALA AT NAGPAPAHAYAG NG MATAOS NA PASASALAMAT KINA G. AT GNG. DANTE M. RIVERA SA PAGKAKALOOB NILA SA PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NG ISANG PARSELA NG LUPANG MAY SUKAT NA 2,187 METRO KUWADRADO SA BARANGAY DANGAY NG BAYANG ITO.

- SAPAGKAT noong Nobyembre 9, 1998, ang mag-asawang Dante at Lerna Rivera ay nagkaloob sa Pamahalaang Bayan ng Roxas sa bisa ng isang kasunduan (Deed of Donation) ng isang parselang lupa sa Barangay Dangay na may sukat na 2,187 metro kuwadrado;
- SAPAGKAT ang lupang nabanggit ay naging isang malaking kapakinabangan sa pamahalaang bayan at sa mga mamamayan sa kalalagan dahil ito'y ginawang "access road" tungo sa Dangay Port na sa pakikipagtulungan sa Philippine Ports Authority ay naipaayos at napaganda;
- SAPAGKAT kinikilala at lubos na pinasasalamatan ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ang pansibikong gawaing ito ng mag-asawang Dante Rivera na isang malaking suportang bayunin at adhikang pangkaunlaran ng bayan ng Roxas;
- SAPAGKAT pinagkaisahan ng namumuno ng bayang ito na kilalanin at pasalamatan ang mag-asawang Dante M. Rivera sa kanilang pagkaloob ng isang bahaging ito ng kanilang lupa sa Barangay Dangay na kasalukuyan ay access road tungo sa Dangay Port.




DAHIL DITO, mungkahi ni Konsehal Angeles D. Bautista na pinangalawahan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na kilalanin at mataos na pasalamatang sina G. at Gng. Dante M. Rivera sa pagkakaloob nila sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ng isang parselang lupa sa Barangay Dangay na may sukat na 2,187 metro kuwadrado.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang slip ng kapasyahang ito kina G. at Gng. Dante M. Rivera lakip ang mataos na pasasalamat.

Pinagtubay ng lahat 12 Mayo 2003

PINATUTUNAYANG WASTO


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR L. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

marz/
051203